**PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE'S REMARKS DURING HIS MEETING WITH THE SONA PROTESTERS' RALLY**

Batasan Pambansa, Quezon City
July 24, 2017

Tumahimik na lang kayo. You know, itong laro na ito matagal 'to. Noon pa 'to. Kung may maglalambingan, may mag-pikunan pero ganon lang yan. Kailan ba ito nahinto? Hindi man ito nahinto. Kaya lang, pag nagkapikunan, ganun talaga. You know, meron kayong issue. Naintindihan ko.

Alam ninyo ang posisyon ko rin. Alam ninyo ang— ginagawa ko ang lahat. Hindi ko naman sinasabi na tinatalikuran ko yan. Eh pati ako, ina-ambush pa ninyo. Anong klase ito? Eh, walang ganunan. Pag pinuno ninyo ako, eh tatalikod na talaga ako. Ba-bye na lang. O, wala ng peace talk, wala ng—

Yang martial law, di— eh kung— Ano? Mag-usap tayo ulit? O, di sabihin mo sa kanila, mag-usap tayo ulit, okay lang.

Yung martial law, may tatapusin lang ako para sa lahat. Hindi— hindi yan forever. Maghintay lang kayo. Iilan na lang ang nandiyan na may kasalanan. Kaya ako, hindi makapasok diyan, sabihin ko sa inyo, dahil may tres siyentos na hostages diyan sa malaking mosque.

Binawalan ko ang militar to assault, kasi sabi ko, madadamay ang 300. Kasi talagang puputol yan ng ulo pag ina-attack ng military. Yan na lang ang nagpa-iwan na problema ko na hindi ninyo alam. Bigyan mo akong panahon, isang taon lang ako Presidente ninyo.

Bakit ninyo ako ganunin? I promised you, land reform. Di tanungin ninyo si Mariano kung anong ginagawa niya. Sino magsabi kay Mariano, hayaan mo yang TRO, sige, ilagay mo yung mga peasant. Tanungin muna ninyo yung mga representante niyo nandiyan sa Cabinet.

Eh huwag muna. Patapusin mo ako diyan. Kaagad, pag start na yan, nagbigay ako, one billion para sa mga mahirap.

Ngayon, hindi ako may-ari ng pera ng Pilipinas, ang tao. Ginagawa ko lang talaga ang paraan para maligayahan ang lahat, para kayo, para sa tao. Kung nakinig kayo sa speech, hindi ako Presidente para sa mga mayaman. Kaya yung mina, sinasa—

Eh kung ganun, kung ganon, kung ganon ang tratamente niyo sa akin, parang kalaban, di huwag na tayong mag-usap. Wala na. Ayaw ko ng hurap— harap— hurap-hurap diyan. Nagkakamali tuloy Tagalog ko. Tumahimik muna kayo.

Ayaw ko ng humarap sa inyo kung ganon. Kung mag-usap kayo, may hindi kayo gusto sa akin, sabihin ninyo sa akin sa Malacañan. (expletive) Pinapapasok ko kayo lahat doon. Kakausap ko lang ang Bayan. Anong bully? Bakit— sino ako mag-bully sa inyo? Kadali ninyo akong patayin. Sinong may granada diyan? Sige, paputukin mo na dito. Sige. O, para diyan lang banda ang mamatay.

Makinig muna kayo. Kung ayaw ninyong makinig sa akin kasi tingin ninyo, diskompyado kayo. Huwag kayo basta-bastang magmadali. Magtanong kayo sa mga representante ninyo diyan kasi nandiyan yung sila Left. Nandiyan si Maza, nandiyan si Taguiwalo, nandiyan si Mariano, nandiyan si Briones. Puro Left yan. Ano pa bang—?

Tanungin muna ninyo kung anong ginagawa ko. Hindi na lang kayo basta— inaapura ninyo ako eh. Huwag ninyo akong— you know, I cannot control everything. Hindi ako pwede mag-imprenta ng pera para ibigay ko. Kailangan kong kausapin itong Congress. Ito, mahirap ‘to. Bigyan ninyo ako ng panahon. Five years lang naman naiwan ko.

Sasabihin ko sa iyo, I will deliver. Naintindihan ninyo? I will deliver.

Ngayon, kung apurahin ninyo ako bukas, wala tayong magawa. At kung daanin niyo sa init ng ulo pati supladuhan, eh di number one ako diyan. Pwede ako niyong sigawan dito, babuyin ninyo ako. But the last time that I will talk to you. Kung ano ang mangyari sa Pilipinas, huwag kayong magpunta sa akin.

Ganon lang tayo. Magrespetuhan. Give me one— mag-demonstrate lang kayo. Huwag na mag— binastos. Tutal, you are— I am no different from you. Pareho lang man tayo. Anong sabihin ko? May representante kayo. Nandiyan na kayo. In-appoint ko na. Nandiyan na sa loob. Ano pa gusto ninyo?

Ginagawa ko na magawa ko. Eh (expletive) pati yung convoy ko, in-ambush. Pati ako, gusto patayin. Di sinong kausapin niyo? Alam ba ninyo, nandoon ako? Tapos sabihin, “Duterte, mag-usap tayo. Magbigay kayo ng—” Bayan, nung isang araw, tapos pag-uwi ko, maglipad ako ng Marawi, ambush-in ninyo ako. Yan ang mahirap. Mag-usap muna tayo nang matino.

Tapos ako, I’m willing to listen. I’m willing to give you— Ang land reform ang pinakamabilis na. Ang akin lang, yang pera, yang Pantawid, pangtulong sa inyo.

Kaya nga, I won a case of 25 million sa Mighty cigarette. Yan, itulong ko yan sa mga mahirap. Ang mahirap lang, may kailangan ng taxes, ang mga mayaman, hindi. So para sa tao talaga lahat yan. Huwag kayong mag-alala.

Ako mismo, Presidente. Wala akong pinirmahan na allowance, ni singko sentimos. Hanap kayo ng resibo diyan sa COA. Kinukuha ko lang sa gobyerno salary ko. Wala akong representation, wala akong allowance, wala lahat. So mag-usap tayo. Ang relasyon ko sa Left, okay pa.

Huwag ninyong sirain kasi magsama tayo. Ang madadamay diyan, pagka-ganon, magkasamaan tayo ng loob, damay lahat. Damay ako, damay kayo. But to keep the open line— hindi ‘to pwede madala ng supladuhan, patapangan. Pilipino, hindi naman ito patayan, hindi naman ito away. Usap ang kailangan natin.

Ano yan? Bayaran ang—? Hindi ko maintindihan.

Maghanap kayo ng maganda diyan, magharap sa akin. Bakit? Ituloy ang peace talks? Yan ang gusto ninyo? Eh siyempre. In-ambush ninyo ako. Anong gusto mo? O, paano kayo mag-peace talks kung napatay ako? Eh sira-ulo. Ituloy-tuloy, tapos patayin ninyo ako, sinong kausap ninyo?

Kaya nga, huwag kayong magpapainit. Basta isabi ko muna sa lahat sa representante, hindi ko man kayo mausap lahat. Usap kami, makinig kayo sa kanilang sagot, yun.

Kausap? Peace talks, peace talks diyan, tapos pagka nadali yung sasakyan ko, sinong kausap sa peace talks? Kaluluwa ko? Ilan na ang napalaya ko? When was the last time? Last week, sampu. Palayain ko lahat?

Maghintay kayo. Hindi lang ano— Ano yan, automatic? Bakit? Papayag kaagad ang militar? Papayag kaagad ang mga korte? Sinabi ko, pero ilan na na-release ko sa inyo? Nandiyan sa labas.

Ano, ano? Hoy, hindi ako may-ari ng gobyerno. Kaya pati nga kayo dito na— Eh kayo, sabi niyo, kayo may-ari ng [unclear]. Kita mo. Hindi ako ang may-ari ng gobyerno. Hindi ako basta-basta na pag na-Presidente ako, masusunod lahat ang gusto ninyo. Huwag akong ganunin.

Dumaan ako diyan, kagaya rin sa inyo. Tanungin mo si Sison. Isa rin akong civic—

Alam ko yan. Galing ako diyan. Kailangan ko lang tahimik, magrespetuhan tayo. Huwag ninyo akong i-ambush. Hindi naman kayo lahat pwedeng magpakamatay. Eh kung gusto talaga ninyo, di magpunta kayo lahat sa bukid. Yan ang gusto ninyo. Kung gusto ninyo magpatayan ang Pilipinas, okay rin ako. Yun ang gusto ninyo, sirain natin ang bayan natin, di sirain natin.

Hindi ko maintindihan. Ano?

Hindi kayo nakikinig eh. Sabi ko, si Bello, number one Left yan. Yan ang gumagawa ng ENDO. O, hindi ninyo alam. Wala pa kayo sa panahon namin eh. Yan ang hindi niyo alam. Sabihin ninyo, alam ninyo lahat. Mas marunong kayo kay Bello, ka-beterano na yan diyan. Kaya yan pinapakinggan doon sa kabila eh. Ngayon, ganito, magrespetuhan tayo o hindi?

Okay ako, sigaw-sigawan ninyo. Balewala sa akin yan. Politiko ako. Pero kung yan ang gusto ninyo, sige. Wala akong problema. Ayaw ninyong magrespeto, a-ambush-in ninyo ako. Tiis tayong lahat. Eh pinapatay nga kayo. Yan o, sinong may armas diyan? Sige na. Paputok na kayo. Ah, walang armas, wala. Sige na, ke saluin ko. Ibalik ko sa inyo, mga buang.

Alis na ako. Kasi ako ay naihi na. Aysus, hindi ako matakot nang ganun. Tapos na ako. Basta ganito, kung wala tayong respetuhan, pag yan ang gusto ninyo, ibigay ko sa inyo. Ganon ugali ko. Ayaw ninyo yung respetuhan tayo, okay yun. Ibibigay ko sa inyo. Oo, totoo.

So kalimutan ninyo ako at huwag kayong mag— mag-demonstrate kung sino hingian niyo ng alibyo niyo. Hindi naman ako matakot sa ganyan-ganyan kasi galing ako diyan. Hindi na ako na-intimidate niyang sigaw-sigaw.

Pag wala tayong respetuhan pati sa akin na, hindi bale yung iba, kalaban talaga ninyo yung [unclear]. Pero pati ako kilala ninyo, kayong mga taga-Davao, kung ayaw ninyo irespeto, okay, bahala kayo.

Sige. Sigaw kayo hanggang maubos yang boses ninyo. Pero huwag na huwag kayong mag-away sa akin.

* * *